Para sa mga Magulang ng mga batang papasok sa
Pampublikong Elementarya ng Kyoto City

Kyoto City Board of Education

Paalala tungkol sa Sistema na Tulong sa Matrikula ng Paaralan sa taong 2027(Reiwa 9) (Bagong mag-aaral bago magsimula ang klase)

Nagtatag ang Lungsod ng Kyoto ng isang sistema ng tulong pinansyal sa pag-aaral upang magbigay ng tulong sa mga magulang na nahihirapan sa kadahilanang pinansyal, kabilang ang gastos ng mga gamit sa paaralan ng kanilang mga anak sa mga pampublikong elementarya at Junior High School.

Para sa mga gustong mag-apply para sa tulong pinansyal, **mangyaring dalhin ang application form at iba pang dokumento sa nakatakdang papasukang pampublikong elementarya bago mag Nobyembre 17 (martes), 2026(Reiwa 8).** Ang mga nag-apply na ngayon, hindi na kailangang mag-apply muli pagkatapos magpatala.

※ Gayundin, kung hindi makakapagsumite ng inyong aplikasyon sa itinakdang oras dahil sa karamdaman tulad ng lagnat, mangyaring tumawag at kumonsulta sa paaralan.

1. Tungkol sa pagbibigay ng "Tulong sa Pag-aaral para sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral" bago ang pagpapatala.

Ang "Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral" ay ibinibigay bago ang pagpapatala upang makatulong sa pagbili ng mga gamit sa paaralan sa pagpasok. Maari pa rin mag-apply pagkatapos ng pagpapatala, pero ang pagbibigay ng "Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral" ay simula ng buwan ng Mayo.

Paalala, hindi ibibigay ang "Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral" kung hindi mag-aapply hanggang Mayo 15.

Halagang ibibigay: 64,300 yen (Halagang binigay sa taong 2026(Reiwa 8)
Petsa ng pagbibigay: Unang banda hanggang sa kalagitnaan ng Marso 2027(Reiwa 9) (planong araw)



Kung ikaw ay maaaring naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na kategorya ① o ②, hindi ka magiging kwalipikado para sa "Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral" kaya't mangyaring huwag mag-apply bago mag-enroll. Mangyaring pakibalik kapag natanggap mo ito.

① Kung nakakatanggap ka na ng tulong para sa pagpasok sa paaralan mula sa ibang sistema (tulad ng Pampublikong Tulong o "Seikatsu Hogo" o iba pang tulong), hindi ka na pwedeng mag-apply.

② Kung hindi papasok ang anak mo sa pampublikong elementarya ng Kyoto City (halimbawa: pumasok sa pribado, pambansa, paaralan para sa mga may espesyal na pangangailangan, o lumipat sa ibang lungsod).

2. Mga Maaring Tumanggap ng Tulong sa Pag-aaral

(Talaan 1) Mga taong pasado sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon mula ①-⑥

Dahilan ng Aplikasyon	Mga Kailangang Dokumento para sa Aplikasyon
Mga tumatanggap ng pampublikong tulong o seikatsu hogo ①Tumanggap ng educational assistance (pagpapaaral) ②Hindi tumanggap ng educational assistance (pagpapaaral)	**Hindi kasama ang pagbibigay ng tulong bago pumasok sa paaralan.** Mangyaring **mag-apply para sa tulong sa pag-aaral pagkatapos na makapasok sa paaralan.**
③Mga nawalan ng pampublikong tulong o seikatsu hogo simula Abril 1, 2026(Reiwa 8) (maliban sa mga kaso ng pagbabago sa sambahayan)	・Form ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral (Pormat A) ・Form ng deklarasyon kaugnay ng tulong sa pag-aaral para sa My Number (※3) ・Kopya ng passbook ng bank account o iba pang dokumentong nagpapakita ng impormasyon ng account para sa paglilipat ng pera **(Mangyaring kumpirmahin sa paaralan ang institusyong pampinansyal na itinalaga ng bawat paaralan)** ・Mga dokumentong nagpapatunay ng My Number ng aplikante. (Para sa pagpapakita lamang ※4)
④Mga tumatanggap ng "Child Rearing Allowance" (※1)	
⑤Mga nasa mahirap na kalagayang pinansyal na nahihirapan sa pagpapaaral ng anak (may mga kondisyon sa kita) (※2)	
⑥Mga may espesyal na kalagayan (tulad ng mga hindi inaasahang aksidente o sakuna gaya ng sunog, lindol, baha, atbp.)	Mangyaring kumonsulta sa paaralan.

Para sa mga aplikanteng tumutugma sa mga nabanggit na kondisyon sa loob ng makapal na kahon sa itaas, kinakailangang mag deklara ng My Number at isasagawa ang pagsusuri ng kita para sa pag-apruba.

※1 Kahit hindi maaprubahan sa pagsusuri ng kita, kung tumatanggap ng "Child Rearing Allowance," maaari pa ring maaprubahan kaya mangyaring magsumite ng kopya ng sertipiko ng "Child Rearing Allowance". Kung nasa proseso ka na ng pag-aapply para sa pagtanggap ng "Child Rearing Allowance," at hindi pa naaprubahan ang pagtanggap, makipag-ugnayan sa paaralan at agad na isumite ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon.

※2 Kahit hindi maaprubahan sa pagsusuri ng kita, maaari pa ring maaprubahan kung may biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal sa kalagitnaan ng taon gaya ng malaking pagbaba ng kita, pagkawala ng trabaho, o pagsasara ng negosyo. Kung sakaling tumutugma, mangyaring kumonsulta sa paaralan.

※3 Para sa mga taong walang rehistradong tirahan sa Lungsod ng Kyoto noong Enero 1, 2026(Reiwa 8), o kahit na may rehistradong tirahan ngunit binubuwisan sa ibang lungsod dahil sa lugar ng trabaho, dahil dito hindi maisasagawa ang pagsusuri sa kita, mangyaring magsumite ng alinman sa mga sumusunod na dokumento na inilabas ng isang pampublikong institusyon.

- 2026(Reiwa 8) na Sertipiko ng Buwis (Inisyu ng city/municipal hall kung saan ka nakarehistro noong Enero 1, 2026(Reiwa 8). Para sa Kyoto City, kailangang kumuha ng [Sertipikasyon ng Lahat ng Item] mula sa ward office; may bayad)
- 2026(Reiwa 8) na Abiso ng Desisyon o Pagbabago sa Halaga ng Espesyal na Pagbawas ng Buwis (Ipinapamahagi ng employer bandang Hunyo)
- 2026(Reiwa 8) na Abiso ng Pagbabayad ng Residente Tax (Para sa mga self-employed; ipinapadala ng city/municipality bandang Hunyo)

※4 Mangyaring ipakita ang dokumentong nagpapatunay ng iyong My Number kapag nagsusumite. Ibabalik kaagad pagkatapos ng pagkumpirma.

Halimbawa ng My number card



Halimbawa ng Notification card



※ Ang kailangan ng dokumentong nagpapatunay ng My Number ay isa lamang na aplikante (magulang).

※ Kung wala kang mga dokumentong nagpapakita ng My Number, mangyaring ipakita ang sertipiko ng nakatala sa resident certificate, mula sa munisipyo (na may My Number) na inisyu ng ward office o katulad.

※ Ang notification card ay tatanggapin lamang kung ang nakalagay na pangalan, address, at iba pang impormasyon ay tumutugma sa mga nakalagay sa resident certificate.

3. Tungkol sa Halaga ng Pamantayan ng Kita (Para sa pag-apruba batay sa mga Dahilan ng Aplikasyon ③～⑤ sa Talaan 1)

Kung ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan (maliban sa mga kinikilalang dependent at mga nasa unang taon ng senior high school o mas bata pa) ay hindi lalampas o nasa mababa sa itinakdang halaga ng <Pamantayan ng Kita> at <Dagdag na Mga Item>, ay maaaring makatanggap ng tulong para sa pag-aaral.

(Talaan 2) Halaga ng Pamantayan ng Kita

Bilang ng Miyembro sa Sambahayan	<Halaga ng Pamantayan ng Kita>
2 katao	1,820,200 yen
3 katao	2,331,200 yen
4 katao	2,792,700 yen
5 katao	3,219,200 yen
6 katao	3,573,600 yen
7 katao pataas	Dagdag 354,400 yen ang bawat tao

(Talaan 3) Mga Dagdag na Item

Kung may alinman sa mga sumusunod na kalagayan, maaaring magdagdag ng ¥230,000 sa bawat item o bawat tao sa kaliwang talahanayan ng Batayan sa Kita. Ang edad nakabatay sa petsang Abril 1, 2027(Reiwa 9).
Kung kinakailangan ang pagdagdag para sa pag-apruba, ang paaralan ang magbibigay ng abiso para sa pagsusumite ng mga dokumentong patunay. Mangyaring huwag magsumite ng dokumento hangga't hindi hinihingi ng paaralan.

(a) Buntis	Kinakailangan ang kopya ng Maternal and Child Health Handbook bilang patunay
(b) Babaeng bagong panganak (sa loob ng 6 na buwan matapos manganak)	Kinakailangan ang kopya ng Maternal and Child Health Handbook bilang patunay
(c) Matatanda (edad 70 pataas)	Para sa mga ipinanganak bago Abril 1, 1957 (Showa 32)
(d) Pamilyang binubuo ng ina o ama lamang at anak	
(e) Taong may Kapansanan (Taglay ang Physical Disability Certificate antas 1-3, Mental Disability Certificate antas 1 o 2, o katumbas ng A-level sa Rehabilitation Certificate)	Kinakailangan ang kopya ng certificate o katumbas na dokumento bilang patunay
(f) Taong naka-confine sa ospital o nasa bahay para sa pangmatagalang gamutan (Nasa paggamot nang higit sa 3 buwan)	Kinakailangan ang medical certificate (diagnosis) bilang patunay
(g) Pamilyang may 3 o higit pang anak na wala pang 22 taong gulang (Dagdag na ¥230,000 para sa bawat anak mula sa ikatlong anak pataas na wala pang 22 taong gulang)	Para sa ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2005 (Heisei 17).

Kahulugan ng "Sambahayan"

- Kahit nakahiwalay ang sambahayan sa resident certificate, ang mga taong aktwal na magkasamang naninirahan (kabilang ang mga nasa two-family housing o nakatira sa magkahiwalay na gusali sa parehong address) ay itinuturing na may iisang kabuhayan. Sa bahagi ng aplikasyon na "Kalagayan ng Sambahayan" isulat ang lahat ng taong nakatira sa iisang tirahan. Kahit ang magulang ay nakahiwalay ng tirahan dahil sa trabaho (hal. solo assignment) o iba pang dahilan, kung kayo ay kasal pa rin, itinuturing pa rin silang may iisang kabuhayan. Kaya't isama rin sila sa "Kalagayan ng Sambahayan" sa aplikasyon.

- Para sa mga may hiwalay na magulang na kasalukuyang nasa proseso ng diborsyo o negosasyon, kung makakapagpasa ng kopya ng dokumentong nagpapatunay ng sitwasyon (hal. petisyon para sa diborsyo mula sa hukuman, o sertipikasyon na may kinuhang abogado para sa diborsyo), maaaring ituring ang hiwalay na magulang bilang hiwalay na sambahayan. Kung ikaw ay kabilang sa ganitong sitwasyon, mangyaring kumonsulta sa paaralan. Kung walang dokumentong nagpapatunay ng proseso ng diborsyo, itatrato ang hiwalay na magulang bilang bahagi pa rin ng iisang kabuhayan (sambahayan).

Tungkol sa Kita at sa Pamantayan ng Kita

- Ang mga pamantayan sa kita ay para sa Taon ng Pundasyon 2026 (Reiwa 8). Kung sakaling babaguhin ang mga pamantayan sa kita at iba pa, ito ay ipagbibigay-alam sa opisyal na website ng tulong sa pag-aaral (Shugaku Enjo) ng Lupon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto.

- Ang halaga ng kita ng sambahayan na ikukumpara sa Pamantayan ng Kita ay maaaring batay sa "Halaga Pagkatapos ng Bawas sa Kita mula sa Sahod" sa iyong Withholding Tax Statement o sa "Kabuuang Halaga ng Kita" sa iyong Income Tax Return.

Halimbawa ng Pag-apruba (kung ang sambahayan ay binubuo ng ama, ina, isang mag-aaral sa ikatlong baitang ng elementarya, at isang 3 taong gulang na nasa kindergarten, at ang ina ay buntis)

<Batayan sa Kita>
(Sanggunian: Talaan 2)
¥2,792,700
(Para sa sambahayang may 4 na miyembro)

+

<Karagdagang Item>
(Sanggunian: Talaan 3)
¥230,000
(Dagdag dahil sa pagiging buntis)

≧

Kung ang kabuuang halaga ng kita ng sambahayan ay ¥3,022,700 o mas mababa, maaari kayong tumanggap ng tulong sa pag-aaral

4. Tungkol sa Pag-apruba

Para sa pagsusuri ng pag-apruba, ang taunang kita na magiging batayan ng pagsusuri ay nagbabago depende sa araw ng pag-apply. Ang kasalukuyang aplikasyon ay para sa pagsusuri at pag-apruba ng tulong sa pag-aaral para sa mga gastusin sa kagamitan sa paaralan para sa mga bagong mag-aaral mula Abril 1, 2027 hanggang Hunyo 30, 2027. Para sa pag-apruba simula Hulyo, muli itong susuriin sa Hunyo 2027 batay sa "Kita sa Taong 2026".

Ang panahon ng pag-apruba ay ang mga sumusunod:

Petsa ng Aplikasyon	Pamantayan sa Pagsusuri ng Taunang Kita ng Sambahayan	Panahon ng Pag-apruba
Mula bago pumasok sa paaralan hanggang Mayo 15	Kita para sa taong 2025(Reiwa 7)	Abril 1, 2027(Reiwa 9) hanggang Hunyo 30, 2027(Reiwa 9)
Mayo 16 hanggang Hunyo 30		Mula ika-1 ng buwan ng pag-aaplay hanggang Hunyo 30, 2027(Reiwa 9)
Hulyo 1 hanggang Marso 31, 2028 (Reiwa 10)	Kita para sa taong 2026(Reiwa 8)	Mula ika-1 ng buwan ng pag-aaplay hanggang Hunyo 30, 2028(Reiwa 10)

※ Hindi kasama sa araw ng aplikasyon ang Sabado, Linggo, mga holiday, at iba pang araw na walang pasok sa paaralan.

5. Mga Nilalaman ng Tulong sa Pag-aaral

Ang mga detalye ng tulong ay batay sa Taong 2026(Reiwa 8) at maaari itong magbago. Ang araw ng pagbigay ng tulong ay isang gabay lamang; depende sa kung kailan kayo nag-apply, maaaring hindi ka kwalipikado o maaaring maantala ang pagbigay.
(Talaan 4)

Nilalaman ng Tulong		Halaga ng Tulong Pinansyal (Elementarya)	Halaga ng Tulong Pinansyal (Junior High School)	Panahon ng Pagbabayad
① Mga gastusin sa gamit sa paaralan at sa pag-commute. Mga gastusin sa mga ekstrakurikular na aktibidad (para sa mga field trip, atbp. at bayad sa pagbisita)[Paalala 1]	Unang Semestre	Grade 1 6,670 yen Grade 2-6 7,805 yen	1st year 12,530 yen 2nd – 3rd year13,665 yen	Bandang Hulyo pataas
	Pangalawang Semestre	Pareho sa itaas	Pareho sa itaas	Bandang Disyembre pataas
② Mga gastusin sa aktibidad na ekstrakurikular (mga may kinalaman sa panunuluyan sa Hanaseyama House, atbp.)		Mga aktwal na gastusin (ang ilang gastusin ay hindi sakop)		Bandang Setyembre pataas
③ Mga gastusin sa kagamitan sa pisikal na edukasyon (ski, skate, kendo, judo)		Aktwal na halaga ng kagamitan na kailangang bilhin ng lahat ng estudyante para magamit sa klase. (Gayunpaman, may mga paghihigpit sa uri at dami ng kagamitan na maaaring bilhin sa elementarya at Junior High School.)		Bandang Nobyembre pataas
④ Mga gastusin sa gamit sa paaralan para sa bagong pasukan. (Para lamang sa mga bagong Grade 1 na mag-aaral na pre-enrolled o naaprubahan noong Abril)		64,300 yen	81,000 yen	(Pag-aapply bago ang pasukan) Mula sa umpisa hanggang sa kalagitnaan ng Marso (Pag-aapply pagkatapos ng pasukan) Bandang Mayo pataas
⑤ Mga gastusin sa school lunch sa paaralan		Paaralang Elementarya: Walang bayad ang mga magulang dahil sa programang libreng school lunch sa paaralan. Junior High School: Ang Lungsod ng Kyoto ay direktang magbabayad sa tagapaglaan ng pananghalian sa paaralan kaya walang bayad ang mga magulang.		
⑥ Mga gastusin sa pag-commute *May kondisyon sa distansya		Mga aktwal na gastusin (may takdang limitasyon sa halaga)		3 beses sa isang taon
⑦ Mga gastusin sa educational field trip [Paalala 2]		Hanggang 22,690 yen	Hanggang 57,910 yen	Mula bandang Setyembre pataas
⑧ Mga gastusin sa tulong medikal		<Mga sakop na sakit > Pagkabulok ng ngipin (para lamang sa mga mag-aaral sa Junior High School, ang mga mag-aaral sa elementarya ay napapailalim sa mga hakbang sa pag-iwas sa pagkabulok ng ngipin para sa edad ng pag-aaral, kaya walang bayad ang mga magulang), chronic sinusitis, adenoids at impeksyon sa tainga, trachoma at conjunctivitis,buni, scabies, impetigo at mga sakit na parasitiko Kapag bumisita sa isang institusyong medikal, kailangan mong ipakita ang inisyu ng paaralan "Medical Coupon (Recommended Medical Voucher)" sa institusyong medikal. Dahil ang Lungsod ng Kyoto ang direktang magbabayad ng mga gastusing medikal sa institusyong medikal, walang babayaran ang mga magulang. Mangyaring siguraduhing makipag-ugnayan nang maaga sa paaralan bago dalhin ang inyong anak sa doktor.		
⑨ Tulong para sa mutual aid insurance ng Japan Sports Promotion Center laban sa mga sakuna		Hindi kasali (Direktang magbabayad ang Kyoto City sa Japan Sport Council)		
⑩ Mga gastusin para sa paggawa ng talaan para sa pamamahala ng buhay ng paaralan (mga allergy sa pagkain) atbp. [Paalala 3]		Aktwal na gastos para sa elementarya lamang (hanggang 3,300 yen)		Bandang Setyembre pataas
⑪ Mga gastusin sa graduation album		Aktwal na gastos (hanggang 11,000 yen)	Aktwal na gastos (hanggang 10,000 yen)	Bandang Marso pataas

[Paalala 1] Para sa mga tumatanggap ng tulong pampubliko o “seikatsu hogo” (o tulong pang-edukasyon) ay kwalipikado para sa mga sumusunod na item mula sa ①: mga gastos sa extracurricular na aktibidad (1,710 yen para sa mga estudyante sa elementarya, 2,330 yen para sa mga estudyante sa Junior High School, ibinabayad mula bandang Disyembre) at mga item ⑦ hanggang ⑨.
[Paalala 2] Kung gagamit ng eroplano para sa inyong field trip sa Junior High School, ang halaga ay nasa loob ng 60,910 yen.
[Paalala 3] Mangyaring itago nang maayos ang resibo na ibinigay ng medikal na institusyon, dahil kakailanganin ito kapag tumanggap ng bayad.
Hindi sakop ang bayarin sa pagsusuri, diagnosis, at pagbibigay ng impormasyong medikal.
※ Kung may mga natitirang deposito sa paaralan, atbp., maaaring ilipat ang tatanggap ng tulong pinansyal sa bank account ng paaralan.

Paalala: Kapag may pagbabago sa sambahayan, tiyaking makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng tulong sa pag-aaral sa paaralan.

Kung may pagbabago sa sambahayan(※) habang nasa proseso ng aplikasyon o pagkatapos maaprubahan ang tulong sa pag-aaral, tiyaking agad ipagbigay-alam ito sa paaralan. (※Halimbawa ng pagbabago: kasal, diborsyo, o hiwalay ng isang taong nakasulat sa seksyong "Kalagayan ng Sambahayan" sa form ng aplikasyon, o pagsasama ng isang taong hindi nakasulat sa seksyong iyon.)

Mga Madalas Itanong (FAQ)

Q1. Nag-apply ako para sa tulong sa pag-aaral bago pumasok sa paaralan. Kailangan ko bang magsumite muli ng aplikasyon pagkatapos ng enrollment?
A1. Kung nakapag-apply na bago ang pagpasok sa paaralan, hindi na kailangang mag-apply muli pagkatapos ng enrollment. Gayunman, Kung mayroong pagbabago sa kalagayan ng inyong sambahayan mula noong kayo ay nag-apply, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan.

Q2. Ang nakatatandang kapatid sa Grade 5 ay tumatanggap na ng tulong sa pag-aaral. Kailangan pa bang magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa nakababatang kapatid na bagong Grade 1?
A2. Oo, kailangan pa rin. Ang form ng aplikasyon ay kinakailangang isa bawat bata, kaya mangyaring magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa nakababatang kapatid.

Q3. Bakit kailangang isumite ang My Number?
A3. Sa paggamit ng My Number, maaaring kumpirmahin ang halaga ng kita at iba pang impormasyon kaya hindi na kailangang magsumite ng mga sertipiko. Kapag nakapagsumite na ng My Number, hindi na kailangang magsumite muli maliban na lang kung may pagbabago sa sambahayan na magdudulot ng pagdagdag ng mga taong kailangang beripikahin ang kita (edad 16 pataas).

Q4. Nakatira ang mga lolo't lola (kamag-anak) sa isang bahay na may dalawang sambahayan, ngunit hiwalay ang rehistro ng sambahayan. Kailangan bang isama sila sa sambahayan?
A4. Kahit hiwalay ang rehistro ng sambahayan, kung nakatira sa iisang bahay na may dalawang sambahayan o sa magkahiwalay na gusali sa parehong lote, karaniwang itinuturing na iisang sambahayan.
Gayunman, kung hiwalay ang kontrata sa kuryente, tubig, at iba pang utility, maaaring iturin na magkahiwalay na sambahayan. Mangyaring kumonsulta sa paaralan para sa detalye.

Q5. Kailangan ko bang maghanda ng mga dokumentong magpapatunay sa My Number para sa bawat miyembro ng aking sambahayan?
A5. Isang tao lamang (ang aplikante/tagapag-alaga) ang kailangang magbigay ng mga dokumento upang mapatunayan ang kanilang My Number. Para sa My Number ng iba pang miyembro bukod sa aplikante, mangyaring ang aplikante mismo ang kumumpirma kung walang anumang pagkakamali sa mga nakasulat dito.

Q6. Lumampas sa pamantayan sa kita ang aking kita para sa taong 2025 (Reiwa 7), ngunit mukhang pasok ito sa pamantayan para sa Taong 2026 (Reiwa 8). Makakatanggap ba ako ng tulong sa pag-aaral para sa gastusin sa kagamitan sa paaralan para sa mga bagong mag-aaral?
A6. Kung ang iyong kita para sa taong 2025(Reiwa 7) ay lumampas sa pamantayan sa kita, hindi maibibigay ang allowance para sa mga gamit sa pagpasok sa bagong paaralan.
Gayunpaman, kahit na lumampas sa pamantayan sa kita ang inyong kita para sa Taong 2025 (Reiwa 7), may mga pagkakataong maaari pa ring maaprubahan ang mga sambahayan na nakaranas ng biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal sa Taong 2026 (Reiwa 8), kaya mangyaring kumonsulta sa paaralan.

Q7. Ako ay kwalipikado para sa espesyal na bawas sa buwis bilang asawa. Paano itinuturing ang aking kita?
A7. Ang kita ng taong kwalipikado para sa espesyal na bawas bilang asawa ay isinasama sa kabuuang kita ng sambahayan.

Q8. Bumaba nang malaki ang aking kita. Maaari ba akong makatanggap ng tulong para sa pag-aaral?
A8. Sa pamamagitan ng pagsusumite ng dokumentong nagpapakita ng pagbaba sa kita, may mga pagkakataong maaari kayong maaprubahan sa ilalim ng pansamantalang hakbang para sa biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal kaya mangyaring kumonsulta sa paaralan.

Q9. Ayokong malaman ito ng ibang magulang o ng mga kaibigan ng aking anak.
A9. Hindi lamang ang pagsumite ng aplikasyon, kundi pati ang resulta ng pagsusuri at pagtanggap ng tulong ay hindi ipinaaalam sa ibang tao.

Para sa mga katanungan

o Tungkol sa pangkalahatang impormasyon ng sistema
Kyoto itsudemo call
(Telepono 661-3755) (FAX 661-5855)
Bukas buong taon Mula 8 ng umaga hanggang 9 ng gabi
Mag-ingat sa maling pagdayal ng numero.

o Indibidwal na konsultasyon tungkol sa aplikasyon
Kung may mga hindi malinaw, mangyaring kumunsolta sa paaralan na nakatakdang papasukan.

Kung hindi na kailangan, itapon bilang 'halo-halong mga papel' para sa recycling!

Para sa mga magulang ng mga batang papasok sa Pampublikong Elementarya ng Kyoto City sa taong 2027(Reiwa 9)

Kyoto City Board of Education

Paalala Tungkol sa Sistema ng Tulong sa Matrikula sa Paaralan

～Tungkol sa pagbibigay ng “Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral” bago pumasok ang bata～

Nagtatag ang Lungsod ng Kyoto ng isang “Sistema ng Tulong Pinansyal sa Pag-aaral” upang magbigay ng tulong sa mga magulang na nahihirapan sa kadahilanang pinansyal, kabilang ang gastos ng mga gamit sa paaralan. Mayroong pagsusuri para maaprubahan, ihahambing ang kabuuang halaga ng kita ng inyong sambahayan sa taong 2025(Reiwa 7) sa pamantayan ng kita na nasa table sa ibaba. Kung ang kita ninyo ay katumbas o mas mababa sa pamantayan, kayo ay maaaprubahan at makakatanggap ng “Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral” bago pumasok sa paaralan ang inyong anak.

Paalala, maaari pa rin kayong mag-apply kahit nakapasok na sa paaralan ang inyong anak. Pero, ang pagbibigay ng “Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral” ay sa simula na ng buwan ng Mayo.

Ang application form ay ipapamahagi sa mga paaralan, ngunit maaari rin itong i-print mula sa “Procedures Educational Counseling ng Kyoto City Board of Education website” . Hinihiling namin na ang bank account kung saan idedeposito ang tulong sa pag-aaral ay kapareho ng inyong nakarehistrong bank account o “School Deposit(※) Registered Account” para sa mga bayarin sa paaralan. Para sa mga mag-aapply, mangyaring kumpirmahin muna sa magiging paaralan kung aling bangko ang itinalaga ng inyong paaralan na kailangang gamitin at **dalahin ang application form sa paaralang papasukan ng inyong anak hanggang sa Nobyembre 17(martes), 2026(Reiwa 8).**

※Ang “School Deposit” ay ang perang kinokolekta ng paaralan mula sa mga magulang upang ipambayad sa mga gamit sa paaralan, field trip, at iba pang gastusin ng bata sa paaralan.

“Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral”

- **Halagang ibibigay: 64,300 yen (Halagang binigay sa taong 2026(Reiwa 8)**
- **Petsa ng pagbibigay: Unang banda hanggang sa kalagitnaan ng Marso 2027(Reiwa 9) (planong araw)**

Para sa detalye

<Karaniwang Pagsusuri ng Kita>

Pamantayan ng Kita Yunit (yen)

Bilang ng Miyembro sa Sambahayan	2 katao	3 katao	4 katao	5 katao	6 katao	7 katao pataas
Pamantayan na kita	1,820,200	2,331,200	2,792,700	3,219,200	3,573,600	Dagdag 354,400

※ Para matukoy ang halaga ng kita ng sambahayan na ihahambing sa halaga ng karaniwang kita, mangyaring sumangguni sa “Halaga ng Kita Pagkatapos ng Bawas sa Kita mula sa Sahod” na nasa inyong withholding tax slip o sa “Kabuuang Halaga ng Kita” na nasa inyong income tax return.

※ Ang bilang ng miyembro ng sambahayan ay tumutukoy sa bilang ng mga taong nakatira sa iisang sambahayan kasama ang aplikante. Kabilang dito ang lahat ng taong aktwal na nakatira nang magkasama (kabilang ang mga nakatira sa mga bahay na may dalawang pamilya o magkahiwalay na gusali sa iisang address).

Bukod pa rito, kahit na ang isang tagapag-alaga ay hiwalay na nakatira dahil sa paglipat ng trabaho o iba pang mga dahilan, kung sila ay kasal, sila ay ituturing na nakatira sa iisang sambahayan at isasama sa bilang ng mga tao sa sambahayan. Gayunpaman, kung nakatira ka sa isang bahay na may dalawang pamilya o may hiwalay na tagapag-alaga na sumasailalim sa mga proseso o negosasyon sa diborsyo, maaari kang ituring bilang isang hiwalay na sambahayan kung magsusumite ka ng mga karagdagang hinihiling na dokumento. Kung naaangkop ito sa iyo, mangyaring kumonsulta sa paaralan.

※ Ang halaga ng pamantayan sa kita ay batay sa taong 2026(Reiwa 8). Kung magkakaroon man ng pagbabago, ipagbibigay-alam namin ito sa "Procedures Educational Counseling" website.

Kung ikaw ay maaaring naaangkop sa alinman sa mga sumusunod na kategorya ① o ②, hindi ka magiging kwalipikado para sa “Tulong Pinanasyal sa Mga Gastusin sa Kagamitan sa Paaralan para sa mga Bagong Mag-aaral” kaya't mangyaring huwag mag-apply bago mag-enroll. Mangyaring pakibalik kapag natanggap mo ito.

① Kung nakakatanggap ka na ng tulong para sa pagpasok sa paaralan mula sa ibang sistema (tulad ng Pampublikong Tulong o “Seikatsu Hogo” o iba pang tulong), hindi ka na pwedeng mag-apply.

② Kung hindi papasok ang anak mo sa pampublikong elementarya ng Kyoto City (halimbawa: pumasok sa pribado, pambansa, paaralan para sa mga may espesyal na pangangailangan, o lumipat sa ibang lungsod).

<Mga Pansamantalang Hakbang para sa mga Sambahayang may Biglaang Pagbabago sa Kalagayang Pinansyal>

Kahit na hindi maaprubahan sa ilalim ng normal na pagsusuri ng kita, maaaring maaprubahan ang mga pamilyang biglang bumaba ang kita sa taong 2026(Reiwa 8) dahil sa iba't ibang dahilan. Para sa mga sambahayang may biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal na mag-aapply, mangyaring makipag-ugnayan sa pampublikong elementarya na papasukan ng inyong anak at paki-submit ang application form na para sa tulong sa pag-aaral kalakip ng mga dokumentong nagpapatunay ng biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal, hanggang Nobyembre 17(martes), 2026(Reiwa 8). Mangyaring unawain na kung may kulang sa mga dokumentong nagpapatunay ng biglaang pagbabago sa kalagayang pinansyal o kung mahuhuli sa pag-pasa, maaaring hindi maibigay ang tulong pinansyal bago ang pagpasok sa paaralan.

Pakitingnan ang likod para sa mga iba pang detalye

●Mga Nilalaman ng Tulong sa Paaralan (Ang oras ng pagbibigay ay isang pamantayan lamang. Depende sa kung kailan ka mag-aapply, maaaring hindi masakop ang ilang mga gastos, o maaaring maantala ang pagbabayad.)
※Ang nilalaman at halaga ng tulong ay para sa taong 2026(Reiwa 8) at maaaring magbago.

Nilalaman ng Tulong		Halaga ng Tulong Pinansyal (Elementarya)	Halaga ng Tulong Pinansyal (Junior High School)	Panahon ng Pagbabayad
① Mga gastusin sa gamit sa paaralan at sa pag-commute. Mga gastusin sa mga ekstrakurikular na aktibidad (para sa mga field trip, atbp. at bayad sa pagbisita)[Paalala 1]	Unang Semestre	Grade 1 6,670 yen Grade 2-6 7,805 yen	1st year 12,530 yen 2nd – 3rd year13,665 yen	Bandang Hulyo pataas
	Pangalawang Semestre	Pareho sa itaas	Pareho sa itaas	Bandang Disyembre pataas
② Mga gastusin sa aktibidad na ekstrakurikular. (mga may kinalaman sa panunuluyan sa Hanaseyama House, atbp)		Mga aktwal na gastusin (ang ilang gastusin ay hindi sakop)		Bandang Setyembre pataas
③ Mga gastusin sa kagamitan sa pisikal na edukasyon (ski, skate, kendo, judo)		Aktwal na halaga ng kagamitan na kailangang bilhin ng lahat ng estudyante para magamit sa klase. (Gayunpaman, may mga paghihigpit sa uri at dami ng kagamitan na maaaring bilhin sa elementarya at Junior High School.)		Bandang Nobyembre pataas
④ Mga gastusin sa gamit sa paaralan para sa bagong pasokan (Para lamang sa mga bagong Grade 1 na mag-aaral na pre-enrolled o naaprubahan noong Abril)		64,300 yen	81,000 yen	(Pag-aapply bago ang pasukan) Mula sa umpisa hanggang sa kalagitnaan ng Marso (Pag-aapply pagkatapos ng pasukan) Bandang Mayo pataas
⑤ Mga gastusin sa school lunch sa paaralan		Paaralang Elementarya: Walang bayad ang mga magulang dahil sa programang libreng school lunch sa paaralan. Junior High School: Ang Lungsod ng Kyoto ay direktang magbabayad sa tagapaglaan ng pananghalian sa paaralan kaya walang bayad ang mga magulang.		
⑥ Mga gastusin sa pag-commute ※May kondisyon sa distansya		Mga aktwal na gastusin (may takdang limitasyon sa halaga)		3 beses sa isang taon
⑦ Mga gastusin sa educational field trip [Paalala 2]		Hanggang 22,690 yen	Hanggang 57,910 yen	Bandang Setyembre pataas
⑧ Mga gastusin sa tulong medikal		<Mga sakop na sakit > Pagkabulok ng ngipin (para lamang sa mga mag-aaral sa junior high school, ang mga mag-aaral sa elementarya ay napapailalim sa mga hakbang sa pag-iwas sa pagkabulok ng ngipin para sa edad ng pag-aaral, kaya walang bayad ang mga magulang), chronic sinusitis, adenoids at impeksyon sa tainga, trachoma at conjunctivitis, buni, scabies, impetigo at mga sakit na parasitiko. Kapag bumisita sa isang institusyong medikal, kailangan mong ipakita ang inisyu ng paaralan 「Medical Coupon (Recommended Medical Voucher)」 sa institusyong medikal. Dahil ang Lungsod ng Kyoto ang direktang magbabayad ng mga gastusing medikal sa institusyong medikal, walang babayaran ang mga magulang. Mangyaring siguraduhing makipag-ugnayan nang maaga sa paaralan bago dalhin ang inyong anak sa doktor.		
⑨ Tulong para sa mutual aid insurance ng Japan Sports Promotion Center laban sa mga sakuna		Hindi kasali (Direktang magbabayad ang Kyoto City sa Japan Sport Council)		
⑩ Mga gastusin para sa paggawa ng talaan para sa pamamahala ng buhay ng paaralan (mga allergy sa pagkain) atbp. [Paalala 3]		Aktwal na gastos para sa elementarya lamang (hanggang 3,300 yen)		Bandang Setyembre pataas
⑪ Mga gastusin sa graduation album		Aktwal na gastos (hanggang 11,000 yen)	Aktwal na gastos (hanggang 10,000 yen)	Bandang Marso pataas

[Paalala 1] Para sa mga tumatanggap ng tulong pampubliko o “seikatsu hogo” o (tulong pang-edukasyon) ay kwalipikado para sa mga sumusunod na item mula sa ①: mga gastos sa extracurricular na aktibidad (1,710 yen para sa mga estudyante sa elementarya, 2,330 yen para sa mga estudyante sa Junior High School, ibinabayad mula bandang Disyembre) at mga item ⑦ hanggang ⑨.

[Paalala 2] Kung gagamit ng eroplano para sa inyong field trip sa Junior High School, ang halaga ay nasa loob ng 60,910 yen.

[Paalala 3] Mangyaring itago nang maayos ang resibo na ibinigay ng medikal na institusyon, dahil kakailanganin ito kapag tumanggap ng bayad. Hindi sakop ang bayarin sa pagsusuri, diagnosis, at pagbibigay ng impormasyong medikal.

<Taong 2026(Reiwa 8)> Paraan ng Pagsusuri para sa Biglaang Pagbabago sa Kalagayang Pinansyal (Pansamantalang Hakbang)

- Kailangang magsumite ng lahat ng patunay ng kita, tulad ng kopya ng pay slip sa loob ng tatlong magkakasunod na buwan simula Enero 2026(Reiwa 8), o kopya ng ledger para sa kita sa negosyo (Sa pangkalahatan, lahat ng taong may kita).
- Batay sa mga isinumiteng dokumento, kakalkulahin ang tinatayang taunang kita at kita ng sambahayan, at kung ito ay mas mababa sa pamantayan ng kita, ito ay maaaprubahan.
- Sa mga kaso ng kawalan ng trabaho, pagsasara ng negosyo, atbp., ang mga buwan na walang kita ay kakalkulahin bilang "0".

※ Kung mag-aapply, bukod sa "Application Form", kailangan ding punan ang mga dokumento tulad ng "Income Statement" o "Statement of Unemployment/No Income" depende sa sitwasyon ng kita pati na rin ang mga sumusuportang dokumento. Kung naaangkop ito sa iyo, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan.

Aplikasyon Para sa Tulong sa Pag-aaral (Bagong mag-aaral bago magsimula ang klase)

Form A

Numero ng Paaralan
Petsa ng Pagfill-out: Taon Buwan Araw

※Pakisulatan lamang ang naka-bold na frame (ang mga may kulay na bahagi ay dapat sulatan ng paaralan).

Para sa Direktor ng Edukasyon sa Lungsod ng Kyoto Sumasang-ayon ako sa nilalaman ng pahintulot at kasulatan ng pagsang-ayon na nasa likod, at hinihiling ko ang tulong sa pag-aaral tulad ng sumusunod.	Teleponong gamit sa araw	– –

Aplikante (Magulang)	Tirahan	(〒 —)	Lungsod	Ward
	Pangalan	Furigana		
		Apelyido	Pangalan	

Dahilan ng aplikasyon (bilugan ang angkop na numero)

1. Pagtanggap ng tulong pampubliko o seikatsu hogo (pagtanggap ng tulong pang-edukasyon).
2. Pagtanggap ng tulong pampubliko o seikatsu hogo (hindi pagtanggap ng tulong pang-edukasyon).
3. Suspensyon o pag-aalis ng tulong pampubliko o seikatsu hogo.
4. Pagtanggap ng Child Rearing Allowance o Jidou Fuyo teate.
5. Hirap sa pag-aaral dahil sa kalagayang pinansyal.
6. May iba pang natatanging dahilan.

※Ang mga tumatanggap ng tulong publiko ay dapat mag-aplay pagkatapos ng pagpapatala.

Relasyon sa bata		Ang magulang na nag-aplay	☐ Oo (☐ Magkasamang naninirahan ・☐ Magkahiwalay na naninirahan) ☐ Wala

Kalagayan ng Sambahayan ※Siguraduhing basahin ang "Paalala tungkol sa Sistema na Tulong sa Matrikula ng Paaralan(Bagong pagpapatala bago pumasok)" para sa taong 2027 (Reiwa 9) bago sulatan

Kahit hiwalay ang resident record, ilista ang ang lahat ng taong aktwal na kasambahay (kabilang ang mga nakatira sa isang bahay na may dalawang pamilya o sa magkahiwalay na gusali sa parehong address). Kung ang isa sa magulang ay nakatira sa ibang lugar dahil sa trabaho o iba pang dahilan, kung sila ay kasal pa rin, ituturing sila na bahagi ng iisang kabuhayan. Mangyaring isulat din sila sa bahagi ng kalagayan ng sambahayan.
Kung may magulang na hiwalay ang tirahan at kasalukuyang nasa proseso ng diborsyo, maaring ituring silang hiwalay na sambahayan kung makapagsusumite ng kopya ng dokumentong magpapatunay. Mangyaring kumonsulta sa paaralan tungkol dito. Kung walang dokumentong magpapatunay nito, ituturing silang iisang sambahayan.

Relasyon mula sa pananaw ng bata		Pangalan		Petsa ng kapanganakan	Trabaho, Paaralan, at iba pa.	Bahagi na susulatan ng paaralan						
						Opisyal na sertipiko	My number	Kinikilalang Dependent		Katumbas o mas mababa sa 1st year Senior High School	Halaga ng kita	
								Ika-7 na taon	Ika-8 na taon	Ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2011 (Heisei 23)	Ika-7 na taon	Ika-8 na taon
1	Mismong batang nag-apply	Furigana		☐ Heisei ☐ Reiwa	(Paralang nakatakdang pasukan)							
		Apelyido	Pangalan	☐ Kalendaryong Gregorian Taon Buwan Araw	Paaralan							
2	Aplikante	Furigana		☐ Showa ☐ Heisei								
		Apelyido	Pangalan	☐ Reiwa ☐ Kalendaryon Gregorian Taon Buwan Araw								
3		Furigana		☐ Showa ☐ Heisei								
		Apelyido	Pangalan	☐ Reiwa ☐Kalendaryong Gregorian Taon Buwan Araw								
4		Furigana		☐ Showa ☐ Heisei								
		Apelyido	Pangalan	☐ Reiwa ☐Kalendaryong Gregorian Taon Buwan Araw								
5		Furigana		☐ Showa ☐ Heisei								
		Apelyido	Pangalan	☐ Reiwa ☐Kalendaryong Gregorian Taon Buwan Araw								
6		Furigana		☐ Showa ☐ Heisei								
		Apelyido	Pangalan	☐ Reiwa ☐Kalendaryong Gregorian Taon Buwan Araw								
7		Furigana		☐ Showa ☐ Heisei								
		Apelyido	Pangalan	☐ Reiwa ☐Kalendaryong Gregorian Taon Buwan Araw								
8		Furigana		☐ Showa ☐ Heisei								
		Apelyido	Pangalan	☐ Reiwa ☐Kalendaryong Gregorian Taon Buwan Araw								

※Kung walang sapat na espasyo para sa sagot, ipagpatuloy ang pagsulat ng impormasyon sa ikalawang pahina (sa pangalawa o mga kasunod na pahina, isulat lamang ang kalagayan ng sambahayan).

Mga karaniwang karagdagang halaga ng batayang pamantayan. (Kung ang ika-5 dahilan sa pag-aapruba ang dahilan upang kailangan ng karagdagang halaga)	Bilang ng mga karagdagang item	Sambahayan Kabuuang halaga ng kita		
A. Buntis		Karaniwang halaga kita ng sambahayan ①	2 katao 1,820,200 yen 3 katao 2,331,200 yen 4 katao 2,792,700 yen 5 katao 3,219,200 yen 6 katao 3,573,600 yen 7 katao o higit pa (yen)	
B. Babaeng bagong panganak (sa loob ng 6 na buwan matapos manganak)				
C. Matanda (70 taong gulang o pataas) (mga ipinanganak bago ang Abril 1, 1957 [Showa 32])				
D. Pamilyang binubuo ng ina o ama lamang at anak		Kabuuang karagdagang halaga ②	(Kabuuang bilang ng mga karagdagang halaga x 230,000 yen) yen	
E. Taong may Kapansanan (Taglay ang Physical Disability Certificate antas 1-3, Mental Disability Certificate antas 1 o 2, o katumbas ng A-level sa Rehabilitation Certificate)				
F. Taong may pangmatagalang gamutan (Mga naka-confine sa ospital o ginagamot sa bahay nang 3 buwan o higit pa)		Halaga ng pamantayan ng sertipikasyon ① + ②	yen	
G. Pamilyang may tatlo o higit pang anak na wala pang 22 taong gulang (Mga ipinanganak pagkatapos ng Abril 2, 2005 [Heisei 17])				
※ Ibawas ang 2 sa bilang ng mga taong wala pang 22 taong gulang.	Kabuuan			

Petsa ng aplikasyon (pakisagutan kung ikaw ay nasa ilalim ng livelihoood protection)	Reiwa Taon Buwan Araw	Petsa ng pagsusumite ng Departamento ng Imbestigasyon	Reiwa Taon Buwan Araw	Petsa ng Pagkansela	Reiwa Taon Buwan Araw	Bilang ng myembro sa sambahayan	Katao

(Pag-apruba 1) Abril hanggang Hunyo

Pagpapasya kung ang bata ay aaprubahan o hindi aaprubahan ng tulong o pansamantalang tulong o hindi karapat dapat

Numero ng Dahilan ng Pag-apruba

Petsa ng sertipikasyon Reiwa Taon Buwan Araw

Petsa ng pagpapasya Reiwa Taon Buwan Araw

Punong-guro ng Paaralan	Pangalawang Punong-guro	Tagapamahala

(Pag-apruba 2) Hulyo hanggang Hunyo ng susunod na taon

Pagpapasya kung ang bata ay aaprubahan o hindi aaprubahan ng tulong o pansamantalang tulong o hindi karapat dapat

Numero ng Dahilan ng Pag-aapruba

Petsa ng sertipikasyon Reiwa Taon Buwan Araw

Petsa ng pagpapasya Reiwa Taon Buwan Araw

Punong-guro ng Paaralan	Pangalawang Punong-guro	Tagapamahala

Mga Komento

Indibidwal na numero para sa tulong sa pag-aaral 100

※Isulat ang 8-digit ng My Number para sa tulong sa pag-aaral.

※Siguraduhing sagutan din ang nasa likuran

Pormal na Sulat ng Pagkakatiwala at Kasulatan ng Pagsang-ayon

Itinalaga ko ang Punong-Guro ng Paaralang_____ng Kyoto bilang aking kinatawan upang isagawa ang nasa bilang 1, at ako ay sumasang-ayon sa mga nilalaman ng bilang 2 hanggang 7

(Kung lilipat sa ibang pampublikong paaralan ng Kyoto o magpapatuloy sa Junior High School, ang punong-guro ng paaralang paglilipatan o papasukan ay itatalaga bilang kinatawan.)

Punan

1. Tungkol sa paghiling, pagtanggap, pagbabayad ng halaga para sa pagbili ng mga gamit, at pagsasauli ng pondong pantulong sa pag-aaral.

2. Kabilang sa mga nabanggit na bagay, ang paghiling, pagtanggap at pagbabalik ng mga bayarin sa pananghalian sa paaralan (limitado sa mga Junior High School) at mga bayarin sa tulong medikal ay muling ipagkakatiwala sa mga tagapagbigay ng pananghalian sa paaralan at mga institusyong medikal.

3. Kung walang nakasulat na impormasyon ng bank account sa aplikasyon o kung itinuturing ng punong-guro na kinakailangan, ang tulong-pinansyal para sa pag-aaralay ipapadala sa account ng paaralan at ipagkakaloob mula sa paaralan.

4. Kung may hindi pa nababayarang school deposit, ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral ay ipapadala sa account ng paaralan at gagamitin upang bayaran ang hindi pa nababayarang halaga.

5. Kung kinakailangang isauli ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral, ito ay ibabawas mula sa nakarehistrong bank account.

6. Kung ang nakasulat sa aplikasyon ay hindi tumutugma sa katotohanan, kailangang isauli ang tulong-pinansyal para sa pag-aaral mula sa simula ng pagkakakilala o pagkakaapruba nito.

7. Upang maisagawa ang pagsusuri para sa pagkilala ng karapat-dapat sa tulong-pinansyal sa pag-aaral at upang matiyak kung kwalipikado ang aplikante, ang Komisyon ng Edukasyon ng Lungsod ng Kyoto at ang punong-guro ng paaralan ay magsasagawa ng imbestigasyon batay sa batas hinggil sa paggamit ng mga numero para sa pagkakakilanlan ng indibidwal sa ibang mga lungsod, kabilang ang pagrerepaso ng mga tala sa Basic Resident Register, katayuan ng pagtanggap ng tulong sa kabuhayan, katayuan ng pagtanggap ng child-rearing allowance, at kita ng mga miyembro ng sambahayan.

※Tungkol sa pagsusuri ng kalagayan ng kita ng mga miyembro ng sambahayan (item 7), kung may sinuman sa sambahayan na hindi sumasang-ayon lagyan ng tsek ang kahon sa ibaba at magsumite ng isa sa mga sumusunod na dokumento bilang patunay.

☐ Hindi isasagawa ang pagsusuri ng impormasyon sa buwis sa halip, kailangang magsumite ng mga dokumentong nagpapatunay.

<Mga Patunay na Dokumento>

- Sertipiko ng Buwis (patunay ng lahat ng item)
- Paalala ng Pagpapasya o Pagbabago sa Halaga ng Espesyal na Pagkolekta ng Buwis
- Paalala ng Pagbabayad ng "Buwis ng Residente"

※Tungkol sa bayad sa pagkain sa paaralan (para lamang sa Junior High School) at tulong medikal, ito ay direktang babayaran mula sa Kyoto City sa mga tagapagbigay ng pagkain at institusyong medikal, kaya walang babayaran ang mga magulang

【Paalala tungkol sa Account para sa Pagsalin ng Pondo】

Hinihiling po namin na ang bank account kung saan idedeposito ang tulong sa pag-aaral ay kapareho ng inyong nakarehistrong bank account o "School Deposit(*) Registered Account"
Samakatuwid, pakikumpirma ang institusyong pinansyal na itinalaga ng paaralan na papasukan ng iyong anak at ilagay ang mga detalye ng account gamit ang parehong institusyong pinansyal (isa sa mga institusyong pinansyal na nakalista sa ibaba) gaya ng「School Deposit Registered Account」ng iyong paaralan.
Kung walang account sa parehong institusyong pinansyal, hinihiling namin na magbukas ng bagong account.

※Ang "School Deposit" ay ang perang kinokolekta ng paaralan mula sa mga magulang upang ipambayad sa mga gamit sa paaralan, field trip, at iba pang gastusin ng bata sa paaralan.

Pakilagay ang mga detalye ng bank account para sa bayad sa tulong sa paaralan.

Kyoto Bank ・ Kyoto Chuo Shinkin Bank ・ Kyoto Shinkin Bank

Bank Code	Pangalan ng institusyong pinansyal	Branch Code Branch Number	Branch Name
	☐ Bank ☐ Shinkin Bank		☐ Main Branch ☐ Branch ☐ Satellite Office

Uri ng Account	Numero ng account	Pangalan ng May-ari ng account (Kana)
Regular		

Bahagi na susulatan ng paaralan. ※Hindi kailangan sulatan	
(Kung sakaling magpapatuloy) Tingnan ang bahagi ng「Kalagayan ng Sambahayan」sa nakaraaang aplikasyon, at lagyan ng ☑ sa kanang bahagi kung may pagbabago o wala. ※Kailangan mo man ng protekeyon o bahagyang proteksyon, siguraduhing suriin kung nais mong magpatuloy.	☐ May Pagbabago (☐ Pagtaas ng tauhan / ☐ Pagbaba ng tauhan) ☐ Walang pagbabago

Deklarasyon ng My Number para sa Tulong-Pinansyal sa Pag-aaral（Bagong pagpapatala bago pumasok）

	Pangalan ng Bata		Pangalan ng Paaralan	Petsa ng Kapanganakan
Impormasyon ng Mismong Bata	(Furigana)		School	Heisei・Reiwa . .
	Tirahan			

※ Para sa mga taong walang rehistradong tirahan sa Lungsod ng Kyoto noong Enero 1, 2026(Reiwa 8), o kahit na may rehistradong tirahan ngunit binubuwisan sa ibang lungsod dahil sa lugar ng trabaho, dahil dito hindi maisasagawa ang pagsusuri sa kita, mangyaring magsumite ng alinman sa mga sumusunod na dokumento na inilabas ng isang pampublikong institusyon.

・2026(Reiwa 8) na Sertipiko ng Buwis (Inisyu ng city/municipal hall kung saan ka nakarehistro noong Enero 1, 2026(Reiwa 8). Para sa Kyoto City, kailangang kumuha ng [Sertipikasyon ng Lahat ng Item] mula sa ward office; may bayad）

・2026(Reiwa 8) na Abiso ng Desisyon o Pagbabago sa Halaga ng Espesyal na Pagbawas ng Buwis (Ipinapamahagi ng employer bandang Hunyo)

・2026(Reiwa 8) na Abiso ng Pagbabayad ng Residente Tax (Para sa mga self-employed; ipinapadala ng city/municipality bandang Hunyo

Anuman ang pagkakaroon o kawalan ng kita, isulat ang lahat ng miyembro ng parehong sambahayan na nakatala sa seksyong “Kalagayan ng Sambahayan” ng aplikasyon, na ipinanganak noong Abril 1, 2011 (Heisei 23) o mas maaga, (maliban sa mga kinilalang sakop ng dependents).

Kasulatan ng Pagsang-ayon	Pangalan	Petsa ng Kapanganakan	My Number (12 Numero)
Sumasang-ayon ako na siyasatin ng Kyoto City Board of Education ang aking kita at iba pang kaugnay na impormasyon upang matukoy kung ako ay kwalipikado para sa tulong-pinansyal sa pag-aaral, at isusulat ko ang kinakailangang detalye ayon sa nakasaad sa kanan.		□Showa □Heisei □ Kalendaryong Gregorian ・ ・	
		□Showa □Heisei □ Kalendaryong Gregorian ・ ・	
		□Showa □Heisei □ Kalendaryong Gregorian ・ ・	
		□Showa □Heisei □ Kalendaryong Gregorian ・ ・	
		□Showa □Heisei □ Kalendaryong Gregorian ・ ・	
		□Showa □Heisei □ Kalendaryong Gregorian ・ ・	

＜Para sa paaralan lamang＞ *Mangyaring punan*

Numero ng paaralan (5 numero)

Petsa ng pagtanggap ng aplikasyon sa paaralan: Taon Buwan Araw

Padadalhan ka namin ng dokumento ng kita batay sa panahon ng sertipikasyon.